4

# Modelong Banghay Aralin sa GMRC

Kuwarter 3

Aralin 1



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 3: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University – Dasmarinas)
- Lily F. Apura (Silliman University)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad ng tungkulin ng pamilya sa kapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga pansariling paraan sa pagtupad ng tungkulin ng pamilya sa kapuwa bilang tanda ng pagiging mapagmalasakit. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naisasabuhay ang pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikiisa sa pamilya sa pagtugon sa pangangailangan ng kapuwa.**<br>1. Nakapagsusuri ng mga tungkulin ng pamilya sa kapuwa (halimbawa: pagiging bukas-palad sa mga nangangailangan, pakikiramay sa panahon ng krisis, pagtuturo sa mga batang walang magulang o tagapangalaga).<br>2. Napatutunayan na ang pagtupad ng tungkulin ng pamilya sa kapuwa ay dapat gampanan bilang bahagi ng kanilang tungkulin na maglingkod sa kapuwa at mapagbuti ang kanilang ugnayan.<br>3. Naisasakilos ang mga pansariling paraan sa pagtupad ng tungkulin ng pamilya sa kapuwa. |
| **C. Nilalaman** | 1. Ang Kahulugan at Pagsasabuhay ng Malasakit ng mga Pamilyang Pilipino<br>2. Mga Hamon at Tugon Sa Buhay ng Pamilyang Pilipino |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapagmalasakit / *Compassion* |
| **E. Integrasyon** | Bugtong at Salawikain ukol sa malasakit<br>Kaugaliang Pilipino |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

(n.a.) (n.d.). Mga Kuwento ng inspirasyon sa pagtulong sa kapwa, Tampok ang Community Pantry UNTV News and Rescue. https://www.youtube.com/watch?v=kwGpYQLMBzU.

(n.a.) (n.d). Barriers to Compassion. https://www.centerforcompassionateleadership.org.

Massman, C. (2017). How to Overcome Life's Obstacles with Compassion. https://www.chrismassmanmft.com/news/2017/11/13/how-to-overcome-life-obstacles-with-compassion.

Preciousclamor. (2021). *Sampung paraan ng pagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa.* https://brainly.ph/question/663413.

Tocmo, R., Rivas, J., Lorenzo, C., & Hubilla, M. (2024). Meaning and practice of caring in the Filipino family. Focus Group Discussion: DLSU-Dasmarinas

Valeza, J., Mallari, V., Manzano, A., and Jose, L. (2024). Challenges and responses in the life of the Filipino family. Focus Group Discussion: DLSU-Dasmarinas

Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House.

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>Itugma ang mga halimbawa ng pagpapahalaga ng pamilyang Pilipino na nasa unang hanay sa mga pangungusap sa ikalawang hanay. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.<br><br>Unang Hanay — Ikalawang Hanay<br><br>_____1. Paggalang — a. "Huwag malungkot nandito ako"<br>_____2. Pakikisama — b. "Naaawa ako sa iyo"<br>_____ 3. Utang na loob — c. "Kukunin ko po ito"<br>_____ 4. Pagpapahalaga sa pamilya — d. "Ito ang kapalit"<br>_____ 5. Hiya — e. "Sige, sasama ako sa grupo"<br>_____ 6. Damayan/Simpatya — f. "Sobrang mahal ko pamilya ko" | Ang mga nakasulat na halimbawa ng pagpapahalaga ng pamilyang Pilipino ay tinalakay sa huling aralin tungkol sa "Pagpapatatag sa mga Gawi sa Pamilya ayon sa Kaugaliang Pilipino".<br><br>**Mga tamang sagot:**<br>1. c<br>2. e<br>3. d<br>4. f<br>5. g<br>6. a<br>7. b<br>8. h<br><br>Bigyan-diing mabuti ang panghuli (Mapagmalasakit) dahil |

| | | |
|---|---|---|
| | _____ 7. Mahabagin g. "Namumutla ako"<br>_____ 8. Mapagmalasakit h. "Handa kitang tulungan" | ito ang paksa ng aralin sa buong linggo. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>Bugtungan: Hulaan kung ano ang tinutukoy ng mga bugtong.<br><br>Sa hirap at ginhawa ako ay kasakasama,<br>Kung kapighatian man ay ating paghahatian<br>Sagot: 1.______________________ (*Clue*: A A D M Y)<br>Sa hirap at sakit<br>Ako ay laging malapit<br>Sagot: 2.______________________ (*Clue*: A A A I K L M S T)<br>Bahay mo ay mabigat man<br>Pero sa tulong ko, ito ay gagaan<br>Sagot: 3.______________________ (*Clue:* A A A I B H N N Y)<br><br>**PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>Tanong: Ano-anong salita ang kasing-kahulugan ng salitang tungkulin?<br>Sagot: 1.____________________ 2. ____________________ 3. ___________________<br><br>Tanong: Ano-anong mga salita ang kasalungat ng salitang malasakit?<br><br>Sagot: 1.____________________ 2. ____________________ 3. ___________________ | Sa pagpapakilala ng paksang aralin, hahatiin ang klase sa anim na pangkat at bawat pangkat ay gagawa ng bugtong o salawikain, ukol sa malasakit sa kapuwa bilang tungkulin ng mga pamilyang Pilipino.<br><br>**Mga tmang sagot:**<br><br>*una: damay*<br><br>*ikalawa: malasakit*<br><br>*Ikatlo: bayanihan*<br><br>**Mga Inaasahang Sagot:**<br><br>*responsibilidad, gampanin, gawain, obligasyon, katungkulan*<br><br>*pabaya, pagwawalang-bahala, madamot, pagbabalewala* |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 1: Ang Kahulugan at Pagsasabuhay ng Malasakit ng mga Pamilyang Pilipino**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.** Pagbabahagi ng karanasan.<br><br>Isang kaugaliang Pilipino at napakagandang salita ang malasakit. Nakikita natin ito sa ating pamayanan kapag may pinagdadaanang kahirapan, kalungkutan, pagsubok, o dalamhati. Isang halimbawa ay kung may namatayan sa mga kapitbahay o di kaya ay nasunugan. Kung may nagdadalamhati, ang mga kapitbahay ay nakikiramay. Dahil sa pagmamalasakit, nararamdaman ng mga kapitbahay ang hirap at lungkot ng namatayan. Sinasamahan ng mga kapitbahay, mga kamag-anak, at mga kaibigan ang pamilyang nagdadalamhati. Ipinaparamdam sa kanila na hindi sila nag-iisa. Nagpapahatid ng tulong at suporta ang pamayanan. Kagaya nga ito sa bayanihan, kung saan ang kabigatan ng isang bahay ay gumagaan dahil ang mga kapitbahay ay tumutulong magbuhat sa bahay. Ika nga, nakikihati sa pighati ang mga kapitbahay at kaibigan. Tumutulong na pagaanin ang lungkot o pasanin, o pasayahin, at aliwin sila.<br><br>Kapag walang kagipitan o problema, ang malasakit ay nakikita sa paggawa ng mabuti sa kapuwa kasi ayaw natin na masaktan o mahirapan sila. Halimbawa hindi natin inaapi o dinadaya ang ating kalaro. Kapag may pinaghahatian ay pantay-pantay ang hati. Ayaw natin na ang kapuwa ay kinakawawa o inaapi.<br><br>Naranasan mo na bang dumamay o tumulong? O di kaya ay ikaw mismo ang dinamayan? Ano ang naramdaman mo? Puwede mo bang ibahagi ito?<br><br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>Ang malasakit ay saloobin. Makikita lamang at mararamdaman ito sa gawa. Kinaugalian ng mga pamilyang Pilipino ang pagmalasakit sa kapuwa. Ang kaugaliang ito ay batay sa tungkuling moral sa kapuwa tao. Kahit walang batas na nag-uutos na dumamay o tumulong, may batas moral sa kalooban na nag-uudyok | |

sa atin ng dapat gawin dahil tungkulin natin ito. Dahil tungkulin, dapat natin itong isapuso at isabuhay.

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Gawang Aralin 1: Nagawa, Ginagawa, at Gagawin**

**Layunin:** Sa gawang araling ito, susuriin ng mga mag-aaral ang nagawa na, ginagawa, at puwedeng gawin para maisabuhay ang malasakit.

**Panuto:** Lagyan ng *tsek* (/) sa talaan ang mga bagay na nagawa mo, ginagawa mo, at puwedeng gawin mo sa hinaharap para makatulong at maiparating ang pagmamalasakit sa kapuwa. Pumili ng gusto mong gawin sa mga walang tsek o di kaya ay idagdag sa talaan ang gusto mong gawin sa pagpapakita ng malasakit.

**Rubrik sa Pagmarka:** Mapagmalasakit: Pinakamarami ang **Ginagawa-7/7,** May malasakit: Pinakamarami ang **Nagawa-5-6/7,** Magmamalasakit-pinakamarami ang **Gagawin-2-4/7.** Dagdag ng isang puntos bawat sagot sa mga tanong.

| Gawain | Ginagawa | Nagawa | Gagawin |
|---|---|---|---|
| 1. Pakikipagkaibigan sa bagong lipat na kapitbahay. | | | |
| 2. Pakikilahok sa mga pagtitipon ng mga magkakapitbahay. | | | |
| 3. Pagtulong sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran. | | | |
| 4. Pagiging mabuti at walang daya na kalaro. | | | |
| 5. Pantay-pantay na pagturing sa kapuwa bata. | | | |
| 6. Pagtulong sa paggawa ng bahay aralin sa batang ulila. | | | |
| 7. Masinop sa paggamit ng pera at gamit. | | | |

Piliin, talakayin, at ibahagi ang mga karanasan na may kaugnay sa pagmamalasakit.

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Ano pang ginagawa mong pagmamalasakit sa kasalukuyan na hindi nabanggit sa tsart:<br>________________________________________<br><br>2. Ano pa ang gusto mong gawin na magpapakita ng malasakit sa kapuwa?<br>________________________________________<br><br>3. Bakit mo ito napili? Paano ito nauugnay sa pagsasabuhay ng malasakit?<br>________________________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 2: Mga Hamon at Tugon sa Buhay ng Pamilyang Pilipino**<br><br>Pagsasalaysay:<br><br>1. Ano-ano ang mga karanasan ninyo noong kasagsagan ng Covid-19?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Bakit kumalat ang Covid-19 sa buong mundo? Bakit daw kailangan tayong magsuot ng *face mask* noon? Para ba ito sa sariling kaligtasan o sa kaligtasan ng nasa paligid natin?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>3. Maliban sa mga sakit, ano pa ang sanhi ng paghihirap ng mga tao sa ating pamayanan?<br>________________________________________<br>________________________________________ | |

4. May mga hamon ba sa buhay tungkol sa pagmamalasakit na kinaharap at napagtagumpayan nang inyong pamilya? Paano ninyo ito napagtagumpayan? Ano ang inyong natutuhan sa karanasang ito? May mabuti bang naidulot ang pagharap sa hamong ito sa inyong pamilya? Ibahagi at isulat ang sagot.

_____________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

Kung tutuusin may nabubuong kultura sa bawat pamilya natin na kakaiba sa ibang pamilya. Ito ang pamamaraan ng ating pamilya sa pagharap sa pang-araw-araw na hamon sa buhay na nakagawian na. Kung minsan hindi maganda ang nahuhubog na kaugalian. Pero, ang ating mga ninuno ay nagpamana sa mamamayang Pilipino ng napakagandang kaugalian sa pagtugon sa mga hamon sa buhay ng pamilyang Pilipino. Ito ay ang **pagmamalasakit.**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

**Ginintuang Pamana ng Pilipino**

Ang kaugalian o kultura ay pangkalahatang tugon o solusyon sa mga problemang kinakaharap ng isang pamayanan. Samakatuwid ang **malasakit** sa kapuwa ay kaalamang **pamana sa lahing Pilipino.** Siguro ay magkakamag-anak ang lahat ng miyembro ng pamayanan noon, kaya, hindi kayang baliwalain ng ating mga ninuno ang nangyayari sa kanilang kapuwa. At dahil maraming trahedya ang naranasan, naisapuso o naisaloob na nila ang pagmamalasakit sa isa't isa. Ang malasakit ay kusang loob. Hindi ito pinipilit. Isang gintong pamana ito na dapat pagyamanin at pahalagahan ng lahat ng Pilipino.

Mga Hamon sa Paglinang ng Kaugalian Pilipino sa Pagmalasakit:

1. **Pag-iba ng panahon.** Kung magkakakilala at magkakamag-anak ang mga miyembro ng pamayanan noon; ngayon ay halos hindi magkakilala ang mga magkakapitbahay.

2. **Kulang sa oras.** Halos lahat ngayon ay nagmamadali sa kani-kaniyang gawain. Ang iba naman ay hindi makapagbigay ng panahon at pagtulong dahil sa kaabalahan sa trabaho at sariling pangarap.
3. **Kapaguran sa pagtulong at kakulangan sa pera at lakas para tumulong.** May mga taong napapagod na sa pagtulong sa walang katapusang pangangailangan. Nahihiya ang iba na dumamay na walang maiabot. Ang iba naman ay gustong tumulong pero walang maibigay o sila mismo ay may mga pangangailangan.
4. **Pagkakaniya-kaniya o *individualism.*** Ang pag-iisip na ang bawat tao ay nabubuhay para sa sarili lamang at walang tungkulin sa kapuwa, ito ay isang banyagang ideya. Unti-unti nitong iwinawaksi ang konsepto ng pamilya at pamayanan na natural sa ating mga Pilipino.
5. **Pagkagahaman sa salapi at karamutan.** May ilang tao na madamot at gahaman sa salapi. Wala silang malasakit sa kapuwa at sariling kapakanan o pagpapayaman lamang ang kanilang iniisip.

Sa gitna ng mga hamon ng panahon ngayon, higit sa kailan, kinakailangan nating paigtingin ang malasakit sa kapuwa. Ang kalagayan ng panahon at ang karanasan natin ng Covid-19 ay nagpapahiwatig na para mapagtagumpayan ng pamayanan ang mga problema at kalamidad, kailangan may malasakit tayo sa isa't isa. Ang malasakit sa kapuwa ay nagtutulak sa bawat tao na isaalang-alang ang kalagayan ng pangkalahatan. Ito ang nag-uudyok sa atin na maging maingat at masinop sa bawat ginagawa natin, hindi lamang tuwing may kalamidad o pandemya kundi sa ating pang araw-araw na pag-uugali.

Halimbawa, kapag tayo ay may malasakit, hindi natin sasayangin ang tubig dahil ito ay may masamang epekto sa ibang tao at sa kalikasan. Ganun rin ang pagtapon ng basura sa mga estero na nagdudulot ng pagbaha at polusyon sa tubig. Dahil alam natin na ang pandaraya ay may masamang dulot sa iba, hindi natin ito gagawin. Samakatuwid, kung may malasakit tayo sa isa't isa titiyakin natin na ang ating mga ginagawa ay makakabuti sa karamihan. Ang paglilinang ng malasakit sa kapuwa ay isang magandang tugon sa mga hamon sa buhay ng mga pamilyang Pilipino. Ito ay makapipigil ng maraming sanhi ng paghihirap at makakatulong sa pamayanan na mapagtagumpayan ang kahirapan at mga pagsubok. Napakalaki ang maitutulong nito sa pag-unlad ng pamayanang Pilipino.


Kung tutuusin ang lahat ng tao ay magkakamag-anak. Kaya dapat lamang na isabuhay natin sa araw-araw ang pagmamalasakit sa kapuwa. Ang mga hamon sa pagmamalasakit na naitala natin ay matutugunan kung ang bawat isa ay may malasakit. Magiging matulungin, makatarungan, mapayapa, at malinis at ligtas ang ating pamayanan. Kung ating pahahalagahan ang pagmamalasakit sa kapuwa, paglalaanan natin ito ng panahon, lakas, pera, at pansin.

**PAGTATAYA AT PAG-UUGNAY**

**Gawang Aralin 2: Hamon, Tugon, Tunguhin sa Pagsasabuhay ng Malasakit**

Ang mag-aaral ay magsusuri ng mga hamon sa pagsasabuhay ng malasakit, mag-iisip ng nararapat na tugon sa pinakamahirap na hamon, at bubuo ng adhikain sa pagmamalasakit sa kapakanan ng pamayanan.

Hahatiin ang klase sa pangkat na may limang mag-aaral. Punan ang bawat kahon kung ano ang hinihiling. Sa kahon ng **hamon**, irarango ng mga pangkat ang *Mga Hamon sa Paglinang ng Kaugaliang Pilipino sa Pagmalasakit.* Ilagay ang pinakamahirap sa numero 1, pababa sa numero 5, ang para sa kanila di masyadong mahirap na hamon. Pagkatapos ay punan ang kahon ng **tugon** para sa pinakamahirap na hamon na napagkaisahan ng pangkat. Panghuli, isulat ang tunguhin o adhikain na ninanais ng pangkat sa ikatlong kahon.



| | | |
|---|---|---|
| | **Gawang Aralin 3. KantAkrostik (Kanta at Akrostik): Ako ay PILIPINO!**<br><br>Sa gawang aralin na ito mararamdaman (*affective)* at matutuhan ng mag-aaral ang kagandahan ng kaugaliang Pilipino na may mabuting adhikain para sa pamayanan at kapuwa.<br><br>Maghanda ng *recorded video* o youtube link sa kantang "Ako ay Pilipino" na makikita sa youtube link: https://youtu.be/BgmQIvLN4Iw<br><br>Ang klase ay papangkatin na may tig-10-12 na mag-aaral. Kakantahin ng buong klase ang kantang "Ako ay Pilipino" sabay sa *youtube o record/video*. Pagkatapos nito, ang bawat grupo ay magsasalarawan ng Pilipino alinsunod sa paglalarawan ng kanta at sa mga titik ng salitang PILIPINO. Puwedeng gumamit ng salitang wala sa kanta na nagpapahiwatig ng kahulugan ng kanta. Bawat pangkat ay iprepresenta ang kanilang AKROSTIK at pagkatapos ay kakanta ng isang istansa at korus ng "Ako ay Pilipino."<br><br>**P-** ________________<br>**I -** ________________<br>**L -** ________________<br>**I -** ________________<br>**P -** ________________<br>**I -** ________________<br>**N -** ________________<br>**O -** ________________ | **Mga posibleng salita:**<br><br>P- Pamilya ay<br>I- ipinagdadasal<br>L- likas na mapagmahal<br>I-inuuna ang kapakanan ng nakararami<br>P-pamayanan pinangangalagaan<br>I-inaaruga ang kapuwa<br>N-nangangailangan<br>O-obligasyon sa kapuwa ay ginagampanan |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**PABAONG PAGKATUTO**<br><br>**Hanap-salita:** Sa pamamagitan ng mga titik na nakapaloob sa salitang "MAPAGMALASAKIT", lumikha ng mga bagong salita. Mas mahabang salita ang mabuo ay mas malaki ang makukuhang puntos. | |

Mga katumbas na puntos sa mabubuong bagong salita

| | |
|---|---|
| 3 titik = 3 puntos | 7 titik = 7 puntos |
| 4 titik = 4 puntos | 8 titik = 8 puntos |
| 5 titik = 5 puntos | 9 titik = 9 puntos |
| 6 titik = 6 puntos | 10 titik o higit pa = 10 puntos |

Pangunahing salita: **M A P A G M A L A S A K I T**

Isulat ang mga mabubuong salita:

| | | |
|---|---|---|
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Pagmumuni-muni:** Pumili ng tatlong salita mula sa mga nabuong bagong salita sa "Pabaong Pagkatuto" at ibahagi kung ano ang iyong naaalala kapag ito ay binabanggit.

Unang salita: ________________________
Aking naaalala: ______________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

Ikalawang salita: ________________________
Aking naaalala: ______________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

Bigyan ng parangal ang mag-aaral na makakakuha ng pinakamataas na puntos.

Piliin ang mga nabuong mga salita na maaaring iugnay o bumuo ng konsepto tungkol sa mapaglamasakit. Halimbawa:

- SAKIT, may ibang taong sakitin na kailangan ng MALASAKIT.
- LASAP, at ipapaPASA naman sa iba.
- Kailangang ang mabuting ASAL.
- IPAMALAS ang TAMA.
- Ang PAGAL ay pagpahingahin.
- Ang mga SAPA ay kailangan linisin.
- TAMASA sa karangyaan at ang iba naman walang KITA.
- Sa ating bayan ang MAGSAKA ay puno ng SAKIT at PAGAL.
- ALAM natin ang dapat gawin ngunit hindi magawa ang TAMA.

| | | |
|---|---|---|
| | ______________________________<br>______________________________<br><br>Ikatlong salita: ____________<br>Aking naaalala: ____________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT/EBALWASYON.**<br><br>Tukuyin kung ano ang kaugnayan ng sumusunod na salita sa araling **"**Pagtupad ng Pamilya sa Tungkulin sa Kapuwa**."** Pumili sa sumusunod na mga sagot: **k**asingka**h**ulugan ng **m**alasakit **(KHM), k**asalungat ang **k**ahulugan sa **m**alasakit **(KKM), h**amon sa **p**agma**m**alasakit **(HPM),** at **m**ga **p**araan ng pag**m**amalasakit **(MPM).**<br><br>______ 1. Pag-aalala (sa kapuwa)<br>______ 2. Pagbigay ng pagkain sa mahihirap<br>______ 3. Pagkakaniya-kaniya<br>______ 4. Pagbabalewala (sa kapuwa)<br>______ 5. Kaabalahan at kapaguran sa pagtulong<br>______ 6. Ayaw mandaya dahil masasaktan ang kalaro<br>______ 7. Pagtulong sa nangangailangan<br>______ 8. Pag-alalay sa may kapansanan<br>______ 9. Pagtulong sa paggawa ng takdang aralin sa kamag-aral na lumiban dahil nagkasakit<br>______ 10. Hindi tinuloy ang *party* para magkapagbigay sa nasalanta ng bagyo<br>______ 11. Pagpapahalaga sa kaugaliang Pilipino sa pagdadamayan<br>______ 12. Walang panahon para sa iba liban sa sarili | **Mga tamang sagot:**<br><br>1. KHM<br>2. MPM<br>3. HPM<br>4. KKM/HPM<br>5. HPM<br>6. MPM<br>7. MPM<br>8. MPM<br>9. MPM<br>10. MPM<br>11. MPM<br>12. HPM<br>13. MPM<br>14. MPM<br>15. MPM<br><br>**Batayan sa Pagmarka:** |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">______ 13. Pag-aaruga sa matatandang kasama sa bahay<br>______ 14. Pagdamay sa may mabigat na problema<br>______ 15. Pagbigay ng ipon para sa mga nasalanta ng bagyo<br><br>GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN<br><br>Pabaong Pagmuni-muni: Nagawa mo na ba ang nasa bilang 2, 7, 10, at 15 sa natapos na pagsusulit? Maghandang magbahagi sa susunod na pasukan.</td>
<td>14-15-Alam na alam ang Aralin<br>11-13-Maraming alam sa Aralin<br>6-10- May nalalaman sa Aralin<br>1-5 - Konti lang ang alam sa Aralin</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
</tr>
</table>